Mensahe Anim

# Pagiging isang Pagpaparami ni Kristo bilang ang Puno ng Buhay para sa Ministeryo ng Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Juan 1:4; 12:24; 15:1, 4-5; 1 Juan 5:16; 2 Cor. 4:12

**I. Sa ekonomiya ng Diyos ay hindi lamang tayo mga tagakain ng puno ng buhay, bagkus tayo rin ay mga sanga ng punong ito, at marahil sa kalaunan ay magiging isang munting puno ng buhay, isang pagpaparami ni Kristo bilang ang puno ng buhay—1 Ped. 2:21; Juan 1:4; 12:24; 15:1, 4-5:**

A. Ang intensyon ng Diyos ay yaong lahat ng mga mananampalataya kay Kristo ay maging isang pagpaparami ni Kristo, ang Diyos-tao—12:24; Roma 8:29:

1. Ang pagiging isang pagpaparami ni Kristo ay humihiling na tayo ay maisilang na muli ng malahanging Kristo sa ating espiritu at pagkatapos ay dahan-dahang matransporma ng malahanging Kristo sa ating kaluluwa—Juan 3:6; 2 Cor. 3:18.
2. Tayo ay nagiging pagpaparami ni Kristo sa pamamagitan ng proseso na kinasasangkutan ng mga kayamanan ng dibinong buhay na ipinamamahagi tungo sa atin at nararanasan natin—Efe. 3:8; Col. 3:4, 10-11.
3. Upang maging isang pagpaparami ni Kristo bilang ating modelo, kailangan nating maranasan si Kristo bilang ang Isa na nabubuhay sa loob natin, naihuhubog sa loob natin, at gumagawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso—Gal. 2:20; 4:19; Efe. 3:16-17a.
4. Habang tayo ay nagiging isang pagpaparami ni Kristo, kusa nating ipamumuhay si Kristo sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Kanyang Espiritu—Fil. 1:19, 21.

B. Ang puno ng buhay sa Genesis 2:9 ay bukod-tangi, subalit ang puno ng buhay ay naitanim sa loob natin at lumalago sa loob natin, sinasanhi tayo na maging isang munting puno ng buhay.

**II. Bilang isang pagpaparami ni Kristo bilang ang puno ng buhay, taglay natin ang ministeryo ng buhay—1 Juan 5:16; 2 Cor. 4:12:**

A. Sapagkat tayo ang mga mananampalataya kay Kristo at mga anak ng Diyos, hindi lamang natin taglay ang walang hanggang buhay at maaaring maranasan ang walang hanggang buhay, bagkus maaari din nating ihain ang buhay na ito sa ibang sangkap ng Katawan ni Kristo—1 Juan 5:11-16.

B. Ang maghain ng buhay ay ang mamahagi ng buhay; kapag mayroon tayong paglabis ng buhay, makapaghahain tayo ng panustos na ito sa iba—1:1-2; 2:25; 5:11-13, 16.

C. Ang paglilingkod sa ekklesia ay isang naghahain ng buhay na paglilingkod—isang paglilingkod ng pagtutustos ng dibinong buhay sa iba—2 Cor. 4:12:

1. Kailangan nating makintalan ng puntong ito at tumingin sa Panginoon na ang ating paglilingkod ay maging isang labasan para sa Kanyang buhay—Juan 11:25; 1 Juan 1:2.
2. Ang buhay na ating itinutustos sa iba ay nasa loob ng Espiritu, ang Espiritu ay naihalo sa ating espiritu, at ang buhay ng Diyos ay natatagpuan, nananahan, at lumalago sa pinaghalong espiritu—1 Cor. 15:45b; 6:17; Roma 8:4:
   a. Kung tayo ay magtutustos ng buhay sa mga banal, dapat nating palayain ang ating espiritu, sapagkat ang dibinong buhay ay nasa ating pinaghalong espiritu—7:6; 1:9.
   b. Kung ang ating espiritu ay hindi mapapalaya, ang dibinong buhay ay walang paraan upang mapalaya—8:10.

D. Kung tayo ay magiging isang pagpaparami ni Kristo bilang ang puno ng buhay, kailangan nating makintalan ng malalim na pangangailangang makapaghain ng buhay—1 Juan 5:11-16.

1. Ang paglilingkod na ninanais ng Diyos mula sa atin ay hindi nakatuon sa paggawa ng isang gawain bagkus sa paghahain ng buhay—b. 16.
2. Upang maghain ng buhay sa iba, kailangan nating maihugpong kay Kristo, manahan kay Kristo, at bigyan Siya ng puwang sa loob natin upang mapunuan tayo nang sa gayon ang Kanyang

buhay, kalikasan, kagustuhan, at pagkiling ay maging ating buhay, kalikasan, kagustuhan, at pagkiling—2:27; Efe. 3:16-17.

E. Ang maghain ng buhay ay ang magtaglay ng pag-apaw ng buhay; ang ating paglilingkod ay ang pagdaloy ng Diyos upang tustusan ang iba ng dibinong buhay—Juan 19:34; 7:37-39:
   1. Ang buhay ay ang nilalaman ng Diyos at ang pagdaloy ng Diyos; ang nilalaman ng Diyos ay ang katauhan ng Diyos, at ang pagdaloy ng Diyos ay ang pamamahagi ng Kanyang sarili bilang buhay sa atin—Efe. 4:18; Apoc. 22:1.
   2. Upang mapalaya ang buhay mula sa ating espiritu, ang ating panlabas na tao ay dapat matuos at mabasag—2 Cor. 4:16; Heb. 4:12:
      a. Kung ang ating panlabas na tao ay hindi mababasag, hindi magkakaroon ng dalisay na pagdaloy ng dibinong buhay—Juan 7:38.
      b. Kung nais nating palayain ang dibinong buhay mula sa atin, dapat tayong masupil sa ating kaluluwa at hayaan ang ating espiritu na mangibabaw at mamuno sa bawat bagay; sa gayon ang buhay ng Panginoon ay makakadaloy—Efe. 3:16-17.
   3. Ang pagkakaroon ng pagdaloy ng buhay ay humihiling sa atin na maging kaisa ni Kristo sa Kanyang nagpapalaya ng buhay na kamatayan; ito ang maiugnay sa pinalong Kristo na sinasagisag ng pinalong bato—Juan 19:34; Exo. 17:6:
      a. Kapag tayo ay kaisa ni Kristo bilang ang pinalong bato, ang dibinong buhay bilang ang buháy na tubig ay dadaloy mula sa atin—b. 6; Juan 7:38.
      b. Ang ating pantaong buhay, ang ating natural na buhay, ay dapat mapalo upang ang buháy na tubig ay dumaloy mula sa loob natin—2 Cor. 4:10-11, 16.
      c. Kung tayo ay kaisa ng pinalong Kristo, mararanasan natin ang pagkapako ng ating natural na buhay, at kung paanong ang dibinong buhay ni Kristo ay dumaloy bilang ang buháy na tubig sa pamamagitan ng pagpalo sa Kanyang pantaong buhay, tayo ay makararanas din ng pagdaloy ng tubig ng buhay sa pamamagitan ng pagpalo sa ating natural na buhay—bb. 10-12.

F. Kung tayo ay maghahain ng buhay sa iba, kailangan nating magkaroon ng kamalayan hinggil sa pagsalakay sa ekklesia ng kamatayan, ang mga pintuan ng Hades—Mat. 16:18; Roma 5:17:
   1. Ang mula sa Diyos ay may katangian ng buhay, at ang mula kay Satanas, ng kamatayan; sa ekklesia, ang lahat ng bagay na nagmumula sa Diyos ay buhay, at ang lahat ng bagay na nagmumula kay Satanas ay kamatayan—Juan 11:25; Heb. 2:14.
   2. Ang pinakakinatatakutan ni Satanas kaugnay sa ekklesia ay ang pagsalungat nito sa kapangyarihan ng kanyang kamatayan—2 Tim. 1:10.
   3. Mapananaigan ng walang hanggang buhay sa loob natin ang kamatayan kapwa sa ating sarili at sa ibang sangkap ng ekklesia—1 Juan 5:11-13, 16.
   4. Bilang pagpaparami ni Kristo bilang ang puno ng buhay, kailangan nating maranasan ang walang hanggang buhay at ihain ang buhay na ito sa iba sa pamamagitan ng pagiging daluyan kung saan ang walang hanggang buhay ay makadadaloy—Juan 7:37-39; Fil. 1:24-25.

© 2022 Living Stream Ministry